



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVII Blg. 17
Setyembre 7, 2006

www.philippinerevolution.net

Editoryal

Dahas at panlilinlang para magtagal pa sa poder

Walang humpay ang madudugo at tusong pagmamaniobra ni Gloria Arroyo, gamit ang lahat ng mahawakang instrumento ng estado at iba pang hayagan at lihim na paraan para higpitang lalo ang pagkapit niya sa poder.


Sabay-sabay ang mga iskema ng rehimen upang linlangin ang mamamayan at durugin, kundi man bilhin, ang ibang maaari pang sumagka sa walang paglubay na ambisyon ni Arroyong lumawig pa ang hawak niya sa kapangyarihan at patuloy na mamonopolisa nila at ng mga kasabwata niyang dayuhan at lokal ang lahat ng mahuhutot pang rekursong mula sa bangkarte niyang paghahari.

Pangunahin pa ring target ng pasistang kampanya ang rebolusyonaryong armadong kilusan at ang mga ligal na demokratikong pwersa na pawang nasa unahan ng pakikibaka para patalsikin si Arroyo sa poder. Walang pakundangan ang mga pang-aabusong militar sa kanayunan at maging sa maraming sentrong bayan at lunsod para maghasik ng takot laban sa

mamamayan. Patuloy ang pagpatay at pagdukot ng mga *death squad* ni Arroyo sa mga progresibo at militanteng pwersa. Ang kriminal na responsibilidad ni Arroyo at mga kasapakat na pasista ay hindi mapagtakpan kahit ng itinatag nitong Melo Commission na kungwa'y mag-iimbestiga sa pamamaslang sa mga aktibista at kritikal na mamamahayag.

Kasabay nito, patuloy na ginagamit ng rehimen ang EO 464 at karugtong nitong Memorandum Circular 108 para sagkaan ang sariling mga imbestigasyon ng Senado at maging ng Commission on Human Rights tungkol sa mga pampulitikang pamamaslang.

Nitong huli, isang panibagong imbenntong kwento tungkol sa natagpuan umanong libingan ng mga "biktima ng purgahan" sa Leyte ang itinutulak ng rehimen para ibaling ang usapin ng mga pampulitikang asasinyon tungo sa maramihang pagpatay umano ng BHB sa sariling hanay. Layunin din ng intrigang ito na



Mga tampok sa isyung ito...

Nag-uulol na AFP

PAHINA 5

43 armas nasamsam sa mga operasyong disarma
PAHINA 8

Dayaan sa eksam sa narsing
PAHINA 12

bungkusin bilang iisa ang ligal na partidong Bayan Muna at ang lihim na NDFP, tugisin ang mga pangunahing personahe ng mga organisasyong ito, sabay-sabay silang pagmukhaing demonyo at ihiwalay sa mamamayan. Bahagi na rin ng paninirang ito ang pagsisikap na maipwera ang mga progresibong partido sa parlamentaryong larangan at takutin ang masang kasapihan, mga tagasuporta at alyado nila.

Pilit ding ibinubungkos ng Malakanyang ang malawak na hanay iba't ibang anti-Arroyong oposisyunista sa PKP at BHB sa pamagitan ng lumang linya ng pagkutsabahan ng mga pwersang ito para sa destabilisasyon.

Inaapura rin ng Malakanyang ang pagpapaapruba sa lehislatura ng malaon nang itinutulak ni Arroyo at ng amo niyang si US President Bush na "anti-terrorism bill" upang maibwelo pang lalo at mabigyan ng ligal na basbas ang dati nang mga ginagawa ng rehimeng paglabag sa karapatang-tao at mga lantaran pasistang hakbangin. Kabilang sa mga ito ang pagturing na teroristang krimen sa pagda-

raos ng mga rali at anumang pagbabatikos sa gubyerno; pag-aresto nang walang mandamyento at pagkukulong nang hindi sinasampahan ng kaso at dinadala sa hukuman sa loob ng 72 oras; pagsurbeylans sa mga telefono at *cellphone* at iba pa. Kaakibat ng planong malawakang surbeylans sa mga *cellphone* ang pagtutulak ngayon Malakanyang ng regulasyong nag-oobligang iparehistro ang lahat ng mga



cellphone at SIM.

Inilabas din kamakailan ng Malakanyang ang Executive Order 420 na nagtatatag ng iskemang Unified Multipurpose Identification (UM-ID) para umano "pag-isahin ang lahat ng mga ID na kailangan sa pakikipagtransaksyon sa iba't ibang ahensya ng gubyerno". Ang totoo, ultimong layunin nito ang paghandaan ang pagtatatag ng isang sistemang National ID na gagawing rekisito para sa lahat na ng mamaayan.

Sa gayon, magkakaroon ang gubyerno ng kapasidad na manmanat at kontrolin ang galaw ng mga tao, laluna ng mga itinuturing na kalaban ng gubyerno. Paghahanda na rin sa pagpapatupad ng sistemang National ID ang ginagawa ngayon ng 7th Infantry Division na pag-oobliga nang may kasabay na marahas na pagbabanta sa mga taumbaryo ng Nueva Ecija, Bulacan, Pampanga, Aurora at iba pang prubinsya ng Central Luzon na magpakita ng sedula.

Pinakamasaklaw at matagalang maniobra ng Malakanyang ang Cha-cha (o pagbabago sa saligang reaksyunaryong batas) para gawing ligal ang walang sagkang pamamayagpag sa poder ni Arroyo, ang garapalang pasistang panunupil at ang ibayong pagbubukas ng bayan sa panghihi-masok ng imperyalismong US sa territoryo at sa mga pang-ekonomya, pampolitika, pangmilitar at iba pang panloob na usapin ng Pilipinas. Sa pamamagitan ng Cha-cha ay pormal na mababasbasan ang malaon nang adyenda ng rehimeng palitan ang porma ng gubyerno para mapalawig pa ni Arroyo ang kanyang di lehitimong panunungkul-an, higpit na ang mga kalayaang sibil, limitahan ang proteksyon sa mga demokratikong karapatan at gawing napakadali para sa rehi-

ANG Bayan

Taon XXXVII Blg. 17 Setyembre 7, 2006

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wika ng Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong *i-download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikau-unlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa:

angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal

Dahas at panlilinlang para makatagal sa poder	1
Di nagtatapos sa impeachment	3
Melo Commission	4
Mass graves sa Leyte, gawa-gawa ng AFP	5

Pananalanta ng pasistang estado

Nag-uulol na AFP	6
Pang-aabusong militar sa Samar	7
Palparan: Duwag na pasistang berdugo	8

Mga tampok na opensiba

43 armas mula sa mga pagdisarma	9
Mga armadong aksyon	10
Mula sa Far South Mindanao Region	10
Oil spill sa Guimaras	11
Dayaan sa eksam ng narsing	12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

meng magdeklara ng batas militar at *state of national emergency* at magsuspinde ng *writ of habeas corpus*. Para makatiyak sa patuloy na suporta ng US, papawiin din ang anumang nalalabing proteksyon sa kasalukuyang reaksyunaryong konstitusyon sa pambansang soberanya, pambansang patrimonya at laban sa armadong panghihimasok ng mga impoyalista.

Inilalatag na ngayon ng Malakanyang at mga kasapakat nito sa Korte Suprema at Commission on Elections (COMELEC) ang daan para tuluyan nang maaprubahan ang pekeng "people's initiative" para sa Cha-cha. Kunwa'y tinanggihan, pero ang totoo'y ginawan lamang ng COMELEC ng paraan para maipasa kaagad sa Korte Suprema ang petisyon ng Sigaw ng Bayan at Union of Local Authorities of the Philippines (ULAP) para maiwasan ang pagharap sa maraming pagtutol na magpapatagal pa sa proseso—laluna't maraming kinukwestyon ang anomalya sa nakalap umanong mga pirma.

Bagaman hindi tahasang pinaburan ng COMELEC ang petisyon, nagkomentaryo naman itong "mukhang natugunan (ng Sigaw ng Bayan) ang mga rekisitong nakasaad sa batas para sa pangangalap ng mga pirma," gayong hindi naman nito sinuri ang mga pirma.

May malaking bilang ng mga hukom sa Korte Suprema na hawak ng Malakanyang na inaasahan nilang babawi sa mga naunang desisyon nito laban sa "people's initiative." Sa gayon ay maitutuloy na ang pagdaraos ng reperendum para rito bago ang simula ng upisyal na panahon ng eleksyon sa 2007. Ihi-nahabol ding makuha na ang sapat na bilang sa reaksyunaryong Kongreso para itransforma ang bataasan bilang *constituent assembly* na

Hindi nagtatapos sa *impeachment*

Pinatay man ng mga tapat na alipures ni Arroyo ang kasong *impeachment* sa loob ng Kongreso, nananatiling buhay sa labas nito ang mga pagkilos ng mamamayan upang mailabas ang katotohanan.

Inilunsad kamakailan ng iba't ibang grupo ang "caravan para sa katotohanan at hustisa." Sa kampanyang ito, dadalhin nila sa iba't ibang lugar ang pitong kahon na naglalaman ng ebidensya ng pandaraya, pangungurakot at pamamaslang ni Gloria Arroyo. Ito ang kani-lang tugon sa panawagan ng mamamayan para sa katotohanan lalu-pa't isinara na ng rehimeng lahat ng mga larangan ng konstitusyunal na pakikibaka.



Matatandaang hinadlangan ng mga kongresistang maka-Arroyo ang pagbubukas ng mga kahong sinasabing naglalaman ng mga ebidensya ng mga krimen ni Arroyo. Kabilang dito ang ebidensya ng pagkakaroon ng sikretoong *bank account* ng pamilyang Arroyo sa isang bangko sa Germany na naglalaman ng ilang daang milyong dolyar. Ayon kay Rep. Allan Peter Cayetano, itinatago ng pamilyang Arroyo sa mga *bank account* na katulad nito ang kanilang mga kinukurakot mula sa iligal na paghawak sa badyet ng mga lokal na gubyerno, mga kikbak mula sa pampublikong proyekto tulad ng NAIA-3 at Northrail project at suhol mula sa mga kriminal na aktibidad tulad ng hwteng. Ang *bank account* na ito ay isa lamang sa mahabang listahan ng mga sikretoong ari-arian ng pamilyang Arroyo. Tulad ng inaasahan, tumanggi ang mga Arroyo na ipailalim ito sa imbestigasyon at sa halip ay hiniling na mapatalsik sa Kongreso at binabantang kakasuhan ng libelo si Cayetano.

may kapangyarihang magbago sa konstitusyon kahit pa malabag ang probisyong nagsasaad na kailangang may hiwalay na pagsang-ayon ang Senado.

Tulad ng ginawang garapalang pagbabasura sa *impeachment*, walang pag-aatubiling sinasagasaan, binabaluktot at iniikutan ng rehimeng Arroyo ang lahat ng naitak-dang proseso para sa sakim na pag-nanasang makapagpasasa pa sa poder.

Ang kahayukan sa kapangyarihan at lahat ng pribilehiyong kaakibat nito ang siyang nagtulak sa rehimeng Marcos noong dekada 1970 para magpataw ng lantarang pasistang paghahari, monopolisa-

hin ang poder pampolitika at baguhin ang reaksyunaryong konstitusyon para umayon ito sa gayong adyenda. Walang gaanong pagkaiba ang tinatahak ngayong landas ng rehimeng Arroyo at wala ring magiging pagkakaiba ang kahihinatnan nito. Tulad sa panahon ni Marcos, ang mga ginagawa ngayon ni Arroyo ay nagtuturo sa mamamayan na waste at kailangan na ang kanilang mahigpit na pagbibigkis sa armadong rebolusyon at hayagang pakikibakang masa hanggang makamit ang mapagpasyang tagumpay. At tulad ni Marcos, ibabagsak si Arroyo ng kapangyarihang pwersa ng nagngangalit na mamamayan.


Tagahugas-kamay ng rehimeng Arroyo

Unang araw pa lamang ng binuo ng Malakanyang na Melo Commission ay tinapos na mismo ni Gloria Arroyo nang nag-iisa ang trabaho nito. Sa isang pahayag noong Agosto 31, gumawa na si Arroyo ng sariling kongklusyon sa imbestigasyon at tuwiran na niyang inabswelto ang sarili at ang kanyang mga militar at pulis sa kriminal na pananagutan sa mahigit nang 740 kaso ng pamamaslang ng mga aktibista at kritikal na taong-midya. Aniya, ang mga ibinibintang sa militar at pulis "ay pawang gawa-gawa ng pampolitikang oposisyon kasabwat ang Kaliwa sa layuning idestabilisa" ang kanyang rehimeng.

Sa gayon ay lalong tumingkad ang katotohanang binuo ni Arroyo ang Melo Commission para lamang magsilbing instrumento para makapaghugas-kamay siya at kanyang mga pasistang kampon at ibaling ang bintang sa mga biktima mismo at sa ilang pipitsuging elemento ng militar at pulisia at mga alaga nilang lumpen o iba pang inosente. Taliwas ito sa unang idineklarang tungkulin nitong imbestigahan ang laganap na mga pampolitikang pamamaslang.

Sunud-sunuran sa pahayag ni Arroyo, tahasang idineklara ni reti-

radong Associate Justice Jose Melo, tagapangulo ng komisyong, na "kapani-paniwala" ang ulat ni Maj. Gen. Avelino Razon ng PNP-Task Force. Usig na ang kalakhan ng mga pampolitikang pamamaslang ay maibibintang sa mga nasa Kaliwa mismo. Halimbawa, ipinagpipilitan ng Task Force Usig na ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang pumatay kay Sotero Llamas, dating lider ng Partido Komunista ng Pilipinas at BHB sa Bicol, at gayundin sa mga kilalang progresibong lider sa Eastern Visayas



na sina Atty. Feledito Dacut, Rev. Peter Edison Lapuz at Paquito Diaz.

Iginiit din ni Melo na ang imbestigasyon upang tukuyin ang mga kriminal sa likod ng pamamaslang at pagdokot ay gawain ng pulisia at hindi ng komisyong. Ang pakay lamang ng komisyong ay alamin kung bakit nangyayari ang mga pagpatay na ito.

Ipinauubaya na lamang ng komisyong sa mismong mga inaakusahang may kagagawan sa mga pagpatay ang pag-iimbestiga sa sarili, samantalang ang komisyong mismo ay mananatiling inutil at magkakasya na lamang sa pagsusunog ng kilay tungkol sa samutsaring mga sapan-taha. Maaga pa lamang ay lubusan nang nawalan ng hangin ang dating pagmamalaki ng komisyong na "wala itong sasantuhin sa isasagawa nitong imbestigasyon".

AB

Kwentong "mass graves" sa Leyte, gawa-gawa ng AFP

Walang tigil sa kangangawa ang mga tagapagsalita ng AFP tungkol sa sinasabi nilang pagkakadiskubre ng diumano'y "libingan ng mga biktima" ng "internal na purgahan" ng Bagong Hukbong Bayan noong dekada 1980 sa Inopacan, Leyte. Desperadong-desperado ang AFP at Malakanyang na lumikha ng mas malaking ingay upang lunurin ang malawakang pagkundena sa lob at labas ng bansa sa isinasagawa nitong kampanya ng terorismo at pasistang panunupil laban sa mamayang Pilipino.

Wala pa mang anumang syentipikong pag-aaral sa mga kalansay na pinalalabas nilang nahukay sa "mass grave," mabilis nilang idi-

neklarang sasampahan ng kasong "pagpatay" sina Kasamang Jose Ma. Sison, Luis Jalandoni at Congressman Satur Ocampo. Katawang ipinagmalaki pa ng AFP na mayroon silang isang "saksi" na nagsasabing nakasilip sa dokumentong pinirmahan umano ni "Amado Guerrero" (dating pangalan sa pakikibaka ni Ka Joema), "Ka Satur" at "Ka Louie" na nag-uutos umano na isagawa ang pagpatay sa mga "deep penetration agent" ng militar. Tila nakalimutan ng AFP na si Ka Joema ay nakapiit sa Fort Bonifacio mula 1977 hanggang 1986, habang si Ocampo naman ay nakapiit mula 1975 hanggang 1985. Si Jalandoni ay noong huling bahagi

pa ng 1970 nakatira sa Europe.

Ang kwentong ito ang pinakahuli lamang sa serye ng mga kuento na hinabi ng AFP upang siraan ang PKP at BHB. Ilang "libingan" na ang hinukay ng AFP sa Southern Tagalog nitong mga nakaraang taon, subalit ni minsan ay hindi isinumite ang mga ebidensya sa pagsusuri ng mga syentista. Nitong taon naman, pilit na pinaputok ni National Security Adviser Norberto Gonzales mismo na mayroong natagpuang *mass grave* sa San Fernando, Bukidnon. Pinabulaan ang kanyang kwento hindi lamang ng gubernador ng Bukidnon, kundi pati ng mga upisyal militar mismo ng naturang prubinsya.

AB



Nag-uulol na AFP


Walang saysay ang mga pahayag at pangako ng rehimeng Arroyo na "poproteksyunan ang karapatan at kalayaan ng bawat mamayan". Tuluy-tuloy pa rin ang paninibasib ng mga pasistang tauhan ni Arroyo sa PNP, AFP at iba pang armadong galamay ng estado. Sumusunod ang pinakahuling mga pangyayaring nagpapabulaan sa kanyaang mga pagbabalatkayo:

September 5. Iligal na inaresto ng mga elemento ng Task Force Bulacan sina Remedios, Joynes at Vangie San Juan sa kanilang bahay sa Barangay Atlag, Malolos City. Ang mga dinakip ay mga kamag-anak ng dating *volunteer* ng KARAPATAN na si Dory San Juan, na siyang hinahanap ng mga sundalo. Hinuli sina Remedios, Joynes at Vangie at dinala sa detatsment ng militar sa barangay nang hindi matagpuan sa bahay si Dory.

Samantala, sa Barangay San Roque, Hagonoy, Bulacan ay hinalughog ng mga sundalo at pinagnakawan ng mga panindang halagang ₱10,000 ang Tanglaw sa Dagat Multi-Purpose Cooperative. Ang koooperativa, na naitayo sa tulong ng Pamalakaya at Anakpawis, ay binansang proyekto ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Ninnakaw din ng mga sundalo ang isang *fiberglass* na bangka at gamit pangisda na nagkakahalagang ₱125,190.

Setyembre 4. Pinatay sa Valencia City, Bukidnon si Candelario Magallanes Ayuda, 42, myembro ng Bayan Muna.

Samantala, sa Cabanatuan City, iligal na inaresto sina Aprilyn Perido, 24 at Eloisa Tukay, 35, mga organisador ng Anakbayan. Dinala sila sa PNP Provincial Headquarters sa Cabanatuan subalit hindi kinukumpirma ng pulisia na hawak nila ang dalawa. Si Perido ay isa sa mga



tumestigo laban sa militar sa pagdining na idinaos ng Commission on Human Rights noong Agosto 24 sa Angeles City.

Bago ito, dinukot din ng apat na nakabonet na lalaki sina Gerry Martinez, 53 at Cesar Salamat, 70 sa kanilang mga tahanan sa Sityo Mindanao, Barangay Sto. Rosario, Malolos City. Sina Martinez at Salamat ay mga myembro ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN).

Setyembre 3. Pinaslang ng mga nakamotorsiklong elemento ng *death squad* sa Simbalan, Buenavista, Agusan del Norte si Jovito Pinakilid, lider ng Pigbawangan Higaonon Pangibasok (PHP).

Setyembre 1. Pinatay ng dalawang lalaking nakamotorsiklo si Sanito Bargamento, organisador ng National Federation of Sugar Workers (NFSW) at kapatid ni Edwin Bargamento, awditor ng NFSW na pinatay din noong 2005. Si Sanito ay sakay ng isang *van* kasama ang kanyang asawa nang paulanan siya ng bala ng mga salarin sa Barangay Tortosa, Manapla, Negros Occidental. Ika-13 na siyang progresibong aktibista na pinaslang sa Negros mula 2005.

Iligal na inaresto ng PNP noong araw ding iyon sina George Lavadia, 32 at Sharon Abangan, 33 sa Talisay City, Cebu sa paratang na mga gerilya sila ng BHB. Si Lavadia

ay dating tagapagsalita ng Estrada Resign Movement habang si Abangan ay *campaign manager* ng partidong Anakpawis.

Agosto 30. Dinukot ng mga sundalo ng Task Force Bulacan ang mag-asawang sina Napoleon at Ofelia Bautista, kapwa kasapi ng Pamalakaya at partidong Anakpawis. Ang mag-asawa, na mga katiwala sa isang palaisdaan, ay dinukot mula sa kanilang kubo sa Barangay San Roque, Hagonoy, Bulacan. Pinakawalan kinabukanan subalit bugbog sarado si Ofelia habang si Napoleon ay nawawala pa rin hanggang ngayon.

Samantala, limang residente ang nasugatan nang bombahan sila ng tubig sa Sityo Masagana, Barangay Western Bicutan, Taguig City ng mga elemento ng Philippine Army na nagdedemolis sa 106 na bahay sa lugar. Dahil sa mariing pagtutol ng mga residente, napilitan ang Malakanyang na iutos ang suspensyon ng demolisyon.

Agosto 27. Inaresto sa Barangay Baras, Canaman, Camarines Sur ng mga elemento ng PNP si Jariz Vida, *secretary-general* ng Bayan Muna sa prubinsya. Katatapos lang niya sa kanyang programa sa radyo DZGE na pinamagatang "Pamana ng Lahi" nang dakpin siya ng mga pulis sa gawa-gawang kasong *frustrated murder*.

Agosto 22. Walong kasapi ng Karapatan-Southern Tagalog ang iligal na inaresto at ikinulong ng mga sundalo ng 74th IB sa Barangay Tagbacan Ibaba, Catanauan, Quezon. Ang mga biktima ay sina Mary Jane Almoete, Christopher de Leon, Khristina Mae Guray, Virgilio Tulay, Ramon Lastique, Leonardo de Dios, Luna de Dios at isa pang hindi pinangalanan. Nang sila'y arestuhin, tinutulungan nilang ma-

Sundan sa "AFP...," pahina 6

Pang-aabusong militar sa Samar

Hindi bababa sa 120 mga bata ang biktima ng pang-aabusong militar nitong Mayo-Hulyo 2006 sa mga barangay ng Quirino, Imelda at San Francisco sa Las Navas, Northern Samar. Kabilang sila sa mahigit 288 biktima ng 55 kaso ng karahasang militar na naisadokumento ng Pesante at Katungod-Northern Samar sa isinagawa nilang *fact-finding mission* noong Hulyo 24-28.

Ibinunyag ng *fact-finding mission* ang mga kaso ng arbitraryong pagkukulong, tangkang pagpatay, pagsira sa ari-arian, harassment at pananakot, pagdukot, pambubugbog, istraping, tortyur at iba pa.

Kabilang sa mga biktima si Marlon Parane, 12, na pinagbantaang papatayin ng dalawang sundalo noong Hulyo 5. Ininteroga rin ang kapapanganak lamang na ate ni Marlon na inakusahan nilang Pulang mandirigma.

Ang mga salarin ay mga elemento ng 63rd IB sa pamumuno ni Col. Felimon Santos. May kampo ang yunit militar na ito sa Barangay Opong sa karatig-bayan ng Catubig.

Ang pang-aabuso ng mga sundalo ay lumala matapos salakayin ng mga sundalo ang isa umanong kampo ng Bagong Hukbong Bayan sa Barangay Imelda noong Hulyo 6. Apat na sundalo at dalawang gerilya ang namatay sa labanang iyon.

Limampu sa naitalang 55 abusong militar ang naganap mula noon. Kabilang dito ang sapilitang pagpapalikas sa 204 residente ng Barangay Imelda at Barangay Quirino. Ang ina naman at isang buwang gulang na pamangkin ni Marlon Parane ang dinakip kaugnay ng atakeng militar na ito. Sa simula'y ipinangalandakan ng militar na dalawang Pulang mandirigma ang kanilang nadakip nang hindi bina-banggit na isa itong lola at isang

sanggol.

Dahil sa perwisyong dulot ng militarisasyon, bumagsak ang kabuhayan ng mga magsasakang hindi makapagtrabaho sa kanilang mga sakahan sa takot na mapagdiskihan ng mga sundalo. Tinukoy ng Katungod ang kaso ng angkang Norcio na napilitang lumisan sa kanilang mga tahanan at bukid sa Barangay Quirino matapos silang ipailalim sa interogasyon ng militar at akusahang mga myembro ng BHB. Nakikisaka na lang sila sa bukid ng kanilang mga kamag-anak sa ibang baryo.

Ayon sa Katungod, laganap ang paglabag sa karapatang-tao sa buong Eastern Visayas. Bukod sa mga kaso nang nabanggit sa itaas, may naitala na rin silang 42 kaso ng abusong militar na bumiktima sa 4,203 katao mula Enero hanggang Hunyo ngayong taon sa buong rehiyon.

AB

"AFP...," mula pahina 5

kuha ng pamilya ang bangkay ni Racquel Aumentado, isang Pulang mandirigma at kadreng pangkultura na napaslang noong Agosto 18 sa isang engkwentro sa pagitan ng 74th IB at BHB sa Catanauan. Naroon din ang Karapatan para imbestigahan ang naiulat na pambubugbog ng mga sundalo sa mga magsasakang sina Binoy at Jeffrey Amorcillo at Armon Rogelio. Ang walong biktima ay kinasuhan ng sedisyon at hindi pa rin pinakakawalan hanggang ngayon.

Agosto 20. Pinaslang ng mga elemento ng *death squad* si Hermelino Marqueza sa Barangay Maitum, Tandag, Surigao del Sur mga alas-11 ng gabi. Si Marqueza ang lider ng Kapunongan sa Mag-uuma sa

Surigao, kapatid na organisasyon ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas at ikaanim nang biktima ng pang-aatake sa mga lider-aktibista sa rehiyon ng Caraga ngayong taon. Pinaslang si Marqueza ilang oras lamang matapos ianunsyo ni Arroyo ang pagkakatalaga niya kay dating Supreme Court Justice Jose Melo para pamunuan ang komisyong binuo ng Malakanyang para imbestigahan umano ang pamañasang sa mga aktibista at kagawad ng midya.

Agosto 6. Isandaang araw nang nakakulang ang limang magsasakang dinukot sa Tagaytay noong Abril 28 at kinasuhan ng rebelyon. Ayon sa mga detenido, araw-araw silang nakararanas ng sikolohikal na tortyur tulad ng kara-karakang pagbabago sa iskedyul sa pagdalaw

ng kanilang mga pamilya, bigla-biglang pagpapaikli sa oras ng da-law at pagtataboy sa kanilang mga bisita na nanggaling pa sa malayo. Sina Aristedes Sarmiento, Enrico Ybañez, Alejandro Axel Pinpin, Riel Custodio at Michael Masayes na tinaguriang "Tagaytay 5" ay apat na araw ibinimbin sa isang *safehouse*, ininteroga, tinortyur at hindi pinayagang makipag-ugnayan sa kanilang mga pamilya at abugado matapos sila arestuhin. Basta na lamang silang iniharap sa midya noong Mayo 1 bilang mga gerilya umano ng BHB na may plano raw mambomba sa Metro Manila para guluhin ang paggunita ng Araw ng Paggawa. Sina Sarmiento, Pinpin at Custodio ay mga kasapi ng Kalipunan ng mga Magbubukid sa Kabite (Kamagsasaka-Ka).

AB

Maj. Gen. Jovito Palparan, Jr:

Duwag na pasistang kriminal

Sa pagreretiro ni Maj. Gen. Jovito Palparan sa Setyembre 11, tatampok ang kanyang labis na duguang rekord ng pamamaslang, pagdukot at iba pang karahasan laban sa mga di armadong sibilyan. Gayundin, tatampok ang kabiguan niyang puksain ang rebolusyonaryong armadong kilusan hindi lamang sa Central Luzon, kundi pati sa Eastern Visayas at isla ng Mindoro kung saan siya nadestino at naghasik ng pasistang lagim mula 2001.

Batay sa talaan ng grupong Karapatan, 136 o 64% sa naitalang 212 paglabag sa karapatang-tao sa Central Luzon mula Pebrero 2001 ay naganap sa nagdaang 11 buwan kung kailan pinamunuan ni General Palparan ang 7th Infantry Division ng Philippine Army. Kabilang dito ang 71 kaso ng pagpatay, limang kaso ng masaker, 14 na kaso ng bigong pagpatay at 46 na kaso ng pagdukot.

Malaking mayorya ng mga paglabag ay isinagawa ng mga pasistang pwersa ni Palparan sa mga prubinsya ng Bulacan, Pampanga at Nueva Ecija na pinakonsentrahan ng madugong kampanya ng 7th ID sa layunin umanong "pawiin ang suportang masa ng rebolusyonaryong kilusan." Maraming mga lugar dito ang nasa ilalim ngayon ng di deklaradong batas militar, kung saan naghahari ang kapangyarihan ng AFP at naghahasik ito ng terorismo sa mamamayan. Labag sa mga saling karapatang sibil, ang sinumang walang dalang sedula ay binubugbog, nilalapastangan at tina takot.

Si Palparan ay kilalang utak din ng mga pagpatay at pagdukot. Kabilang dito ang pagpaslang kina Ricardo Valmocina at dalawa pa sa San Ildefonso, Bulacan noong Pe-



brero 1. Tampok din ang kaso ng pagdukot noong Oktubre 26, 2005 sa mag-asawang Marivel at Danilo Supeña, kapwa myembro ng Bayan Muna. Apat na buwang buntis si Marivel. Natagpuan ang kanilang naaagnas na mga bangkay na naka-silid sa sako sa San Jose City, Nueva Ecija.

Noong Enero 16, walang awang pinaslang ang 61-taong-gulang na si Ofelia "Nanay Perla" Rodriguez, lider-magsasaka, sa kanyang bahay sa bayan ng Mexico habang karga ang kanyang sanggol na apo. Bukod rito, si General Palparan din ang utak sa likod ng pagdukot sa

mga estudyante ng UP na sina Karen Empeño, Sherlyn Cadapan at magsasakang si Manuel Merino sa Hagonoy, Bulacan noong Hunyo 25.

Eastern Visayas: Bago nadestino sa Central Luzon, naghaskik ng lagim si Palparan sa Eastern Visayas noong Pebrero-Agosto 2005 bilang pinuno ng 8th ID. Sa loob ng walong buwan, umabot sa 7,250 indibidwal, 5,223 pamilya at 141 komunidad ang naging biktima ng pasistang militarisasyon. Umaybot sa 22 ang naging biktima ng pamamaslang sa rehiyon noon lamang Pebrero-Mayo 2005, karamihan mga lider at kasapi ng mga progresibong organisasyon at partido. Sa unang limang buwan pa lamang ng panunungkulan ni Palparan sa 8th ID, lumaki nang anim na ulit ang tantos ng mga paglabag sa karapatang-tao kumpara sa kabuuang bilang ng mga paglabag noong buong 2004.

Kabilang sa pinakamalagim na krimen ni Palparan ang pagpaslang sa mga progresibong panrehiyon lider masa tulad nina Rev. Peter Edison Lapuz, *regional coordinator* ng Katungod-Sinirangan Bisaya at myembro ng konseho ng Promotion of Church People's Response (PCPR)-Eastern Visayas na pinatay sa San Isidro, Leyte noong Mayo 12, 2005 kasabay ng lider magsasakang si Alfredo Malinao; at si Atty. Feledito Dacut, *regional coordinator* ng Bayan Muna na pinaslang sa Tacloban City noong Marso 14, 2005. Ayon sa imbestigasyon ng mga pulis, mga tauhan mismo ng 8th ID ang nakitang umaaligid sa lugar kung saan pinaslang si Attorney Dacut. Bago ito, nasugatan si Leo Bagares, pangalawang tagapangulo ng Bayan Muna sa EV nang tambangan siya sa Sulangan, Guiuan, Eastern Samar. Nasugatan din sina Fr. Allan Caparro ng Iglesia Fi-

lipina Independiente at pangalawang tagapangulo ng PCPR-EV at ang kanyang asawang si Aileen nang paulanan sila ng bala noong Pebrero 18, 2005 sa Abuyog, Leyte.

Maraming mga baryo at bukiring winasak. Libu-libo ang pwersahang pinalayas ng mga tropa ni Palparan sa Eastern Visayas sa pamamagitan ng pambobomba at mababangis na operasyong militar. Kabilang sa mga binomba ng mga helikopter ng Philippine Air Force ang ilang barangay ng Catarman at Pambujan, Northern Samar at Calbayog City, Western Samar noong Abril 16, 19 at 20, 2005.

Hindi ligtas ang mga bata sa pasistang pang-aabusong mga tropa ni Palparan. Noong Mayo 3, 2005, pinaso ng mga sundalo ang ari ng tatlong bata sa Matuguinao, Western Samar matapos mabigong maipaturo sa kanila ang kanilang mga magulang. Noong Marso 31, 2005, tatlong batang 8, 7 at 5 taong gulang ang dinukot ng mga tropa ng 34th IB kasama ng kanilang mga magulang sa Catbalogan, Samar.

Madugong rekord ni Palparan.

Unang tumanyag sa pambansang antas ang pagiging pasistang berdugo ni Palparan dahil sa pinalaganap niyang karahasang militar sa Mindoro nang maging hepe siya ng 204th Bde at simulan ang paglulunsad ng matitinding operasyong militar sa isla mula 2001 hanggang 2004. Personal na binisita ni Arroyo ang Mindoro noong Oktubre 1, 2001, ilang buwan pa lamang makaraang mailuklok siya sa Malakanayang upang purihin, iendorso at hikayatin ang pag-iibayo pa ng mga ginagawa nina Palparan. Aabot sa 326 na kaso ng paglabag sa karapatang-tao ang naitala ng KARAPATAN sa isla. Umabot sa 27 mga aktibista ang pinatay sa Mindoro. Pinakamatingkad ang pagdukot, pagtortyur at karumal-dumal na

pagsalbeyds noong Abril 2003 kina Eden Marcellana, *secretary-general* ng Karapatan-Southern Tagalog at Ka Eddie Gumanoy, tagapangulo ng Kasama-TK, panrehiyong organisasyon ng mga magsasaka. Si Palparan din ang utak sa pagpatay kay Vice Mayor Juvy Magsino ng Naujan, Oriental Mindoro noong 2004.

Bilang pinuno naman ng Task Force Banahaw noong 2001, naging responsable si Palparan sa 61 paglabag sa karapatang-tao sa Laguna.

Bago ito, nang maitalaga si Palparan sa Mountain Province noong 1992, anim ang iligal na inaresto, lima ang hinaras, isa ang dinukot, isa ang sinalbeyds, isa ang nasugatan at dalawa ang naging kaso ng pwersahang pagpapalikas.

Mas maaga pa, bilang kumander ng 24th IB noong 1987 hanggang 1991 sa Pampanga at Bataan, utak siya ng mga iligal na pang-aaresto, detensyon, tortyur, pwersahang pagpapalayas at paninira ng mga buhay ng maraming aktibista, myembro ng mga progresibong organisasyon at mga ordinaryong mamamayan. Nagtagtag din siya ng mga grupong *vigilante* sa Pampanga na responsible sa mga pagsalbeyds, tortyur at iba pang mga krimen. Kabilang sa kanilang mga biktima ang mga tagapagtanggol ng karapatang-tao.

Duwag at bigo sa paglaban sa BHB. Walang tigil si General Palparan sa pangangalandakang nagtagumpay ang AFP sa paglaban sa Bagong Hukbong Bayan at sa pag-sasabing napawi na ang suporta ng BHB sa mga bayan sa Bulacan, Nueva Ecija at Pampanga.

Hungkag ang kanyang mga paghahambog sa harap ng katoto-

hanang wala siyang anumang mai-pagmalaking tagumpay-militar laban sa BHB. Palibhasa'y bahag ang buntot sa armadong mga gerilya ng BHB na kayang dumepensa sa sari-li, ang tinatarget ng terorismong militar ng AFP ay mga komunidad ng mga magsasaka, mangingisda at manggagawa kung saan naglulunsad ng pagsosona, dinadahas ang mga hindi nakatutugon sa rekitong pagkuha at pagdadala palagi ng sedula at nandudukot at nama-maslang ng mga aktibista ang kanyang mga tropa at alagang *death squad*. Wala ni isang pagkakataong pinamunuan mismo ni Palparan ang isang aktwal na operasyong militar laban sa BHB.

Sa halip, dahil sa inihahasi na lagim ni Palparan, lubos siyang kinamumuhian ng mamamayang Pilipino. Bunga ng mga marahas na pag-atake ng AFP sa mamamayan, lalo lamang naging malinaw sa kanila ang pangangailangan at kawastuang mag-armas at lumaban. Paranim nang parami ang nagnais na sumapi sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) upang kamtin ang katarungan at parusahan ang mga pasistang kriminal.

Matapos man ang formal niyang panunungkulan sa AFP, hindi tatantanan ng sambayanan ang berdugong si Palparan hangga't hindi niya napagbabayaran ang bawat patak ng dugong inutang niya sa mamamayan. Ipapataw sa kanya ang rebolusyonaryong hustisa saan man siya mapadpad. Kasama ng kanyang among si Arroyo, hinatuilan na ng rebolusyonaryong kilusan si General Palparan bilang isa sa pinakamalulupit na pasistang kriminal na nagtagumpay lamang sa pagpapaalab ng rebolusyonaryong diwa ng mamamayang Pilipino. AB





43 armas nasamsam sa mga operasyong disarma ng BHB


Umabot sa 43 iba't ibang kalibreng armas ang nasamsam ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa mga operasyong disarmaang inilunsad sa Bukidnon, Negros at Capiz nitong huling hati ng Agosto. Pinuri ng Partido Komunista ng Pilipinas ang mga yunit ng BHB sa mga naangking tagumpay at hinikayat ang iba pang mga yunit sa buong kapuluan na paigtingin pa ang pakikidigmang gerilya upang makasamsam pa ng dagdag na mga sandata para maarmasan ang dumaraming mga rekluta ng BHB.

Sa Bukidnon.

Pinakatam-pok sa mga operasyong disarma ang pagsalakay ng pinalaking platon ng BHB sa ilalim ng Ernesto Roa Command sa *patrol base* ng 72nd IB at CAFGU sa Barangay Boco, Banlag, Valencia City noong Agosto 22 kung saan naka-samsam ang BHB ng 30 baril. Nakakumpiska ang BHB ng 15 M14, 10 Garand, dalawang M16, dalawang karbin at isang .45 kalibreng pistola.

Ayon kay Ka Cesar Renerio, tagapagsalita ng NDF-North Central Mindanao Region (NCMR), isinagawa ang pagsalakay bandang alas-11:30 ng gabi. Lumaban ang dalawa sa 15 elemento ng CAFGU ngunit agad silang nagsalong ng kanilang mga sandata nang mata-maan sila. Mabilis ding sumuko ang 13 elemento ng CAFGU na nasorpre-sa dahil natutulog sila noon. Napataw ang *cadreman* ng 72nd IB nang tangkain niyang kunin ang kanyang sandata. Napilitan ang mga Pulang mandirigma na paputukan siya.

Iniulat din ng tagapagsalita na nakapaglunsad ang mga yunit ng BHB sa NCMR ng walong taktikal na



opensiba sa anyo ng mga reyd at harassment mula Hulyo hanggang Agosto sa Bukidnon, Misamis Oriental at Agusan del Sur. Bunga nito, apat na sundalo at tatlong elemento ng CAFGU ang napataw at tatlo pang sundalo ang nasugatan.

Sa Capiz. Sa araw ding iyon, nakasamsam ang BHB ng limang armas na may iba't ibang kalibre sa Barangay Bungsuan, Dumarao. Nagpanggap na mga tauhan ng mili-tar ang limang kasapi ng BHB-No-nito Aguirre Sr. Command upang makapasok sa bahay ng tserman ng Barangay Bungsuan. Nang makapasok na sila ay saka nagpakilalang mga Pulang mandirigma. Mabilis nilang nasamsam ang dalawang M16, isang M14, isang karbin at

isang .45 kalibreng pistola at mga bala mula sa arsenal ng anak ng barangay *chairman* na isang upisyal ng PNP.

Sa Negros. Sinalakay ng pitokataong yunit ng BHB ang Tarlii Mining Company sa Barangay Tilim, Calatrava noong Agosto 29 at dinisarmahan ng kanilang mga baril ang mga armadong bantay. Nakakumpiska sila ng dalawang .38 kalibreng rebolber at isang 12-gauge shotgun. Isa sa mga dinisarmahan ay ang he-pe ng Calatrava Police Station na nagtatrabajo din bilang gwardya sa minahan.

Bago ito, limang armas ang hinakot ng isang platon ng BHB sa bayan ng Toboso sa opera-syong disarmang inilunsad noong Agosto 21. Siyam na Pulang mandirigma ang sumalakay sa

Salamanca Barangay Hall na siyang hedkwarters din ng Task Force Bantay Dagat. Nakasamsam sila ng isang Thompson submachinegun, isang karbin at isang ICOM base radio. Kasabay nito, nireyd ng iba pang gerilya ang mga bahay ng barangay *chairman* at mga kasapi ng Task Force Bantay Dagat kung saan nakakumpiska rin sila ng isa pang M16 na may anim na magasin, isang M14 at isang shotgun.

Ayon kay Ka Bayani Obrero, tagapagsalita ng Boy Gatmaitan Command ng BHB-Negros, ang pagdisarma sa mga elemento ng Bantay Dagat ay tugon sa kahilingan ng mali-liit na manggingisa na binibiktima nila. Aniya, nitong Hunyo lamang, isang batang isang taong gulang ang napataw nang mag-istrapping ang mga kasapi ng Bantay Dagat. Ang mga pwersang paramilitar na ito na nagpapanggap na tagapagtanggol ng kalikasan ang siya ring namimirata sa baybayin ng Toboso at mga karatig na lugar. **AB**



Mga aksyong militar sa Agusan, Quezon at Misamis

Walong sundalo ang napatay at isa ang nasugatan sa magkakahiwalay na mga armadong aksyon ng mga Pulang mandirigma ng BHB sa Agusan del Sur, Misamis Oriental at Quezon nitong Agosto.


Sa Agusan del Sur. Hindi bababa sa limang sundalo ng gubyerno ang agarang namatay noong hapon ng Agosto 25 nang pasabugan ng BHB ng *land mine* at paulanan ng bala ang sinasakyayan nilang siksbay na trak sa Barangay Mardon, Talacogon. Nagsimula ang labanan bandang alas-12:30 ng hapon at tumagal ito nang isang oras nang manlaban ang mga natitirang buhay sa 12-kataong pangkat ng kawayan. Umatras ang mga Pulang mandirigma nang dumating ang reimporsment ng militar.

Sa Quezon. Dalawang sundalo ng Reengineered Special Operations

Team (RSOT) ang napatay nang tambangan sila ng mga gerilya ng BHB sa ilalim ng Maria Theresa de Leon Command (MTDC-BHB) sa Sityo Matalahan, San Vicente noong Agosto 26. Nasugatan din ang isa pang sundalo. Ang mga tinambang sundalo ay kagagaling lamang sa paghahatiid sa kanilang kampo ng pinasuko umano nilang limang Pulang mandirigma at pabalik na sana sila sa kani-

lang yunit na nagsasagawa noon ng *civil-military operations* sa San Vicente.

Sa Misamis Oriental. Isang sundalo ng 8th IB ang nahulog sa bangin at namatay nang tamaan siya ng isnayper ng BHB noong Agosto 22 sa Sapa ng Maayan, Bantawan, Gingoog City. Nagpapatrulya ang mga sundalo nang makaeng-kwentro nila ang isang platon ng BHB bandang alas-6 ng gabi. **AB**



Isnayping, harassment sa Far South Mindanao Region

Di bababa sa pitong sundalo ng Philippine Army at mga elemento ng CAFGU ang napatay sa mga operasyong isnayping at harassment na inilunsad ng mga gerilya sa ilalim ng Valentin Palamine Command (VPC) ng BHB sa Far South Mindanao Region (FSMR) noong Hulyo.

Sa isang pahayag, sinabi ng VPC na di pa malamang bilang ng mga elemento ng 66th IB at CAFGU ang napatay at nasugatan nang isnaypin sila ng pinagsanib na mga pwersa ng Front 74 at Front 76 sa Sityo Sultan, Barangay Dongan Pikkong, Matanao, Davao del


Sur noong Hulyo 20. Hinakot ang mga kaswaltyi ng isang ambulansya at isang helikopter ng AFP.

Apat na sundalo naman ng 1st Division Reconnaissance Company (DRC) ang napatay sa isinagawang isnayping ng mga gerilya yang bayan ng Front 76 noong Hulyo 17 bandang alas-9 ng umaga sa Sityo

Tacul, Sinapulan, Columbio, Sultan Kudarat. Pangalawang bigwasito ng BHB sa mga elemento ng DRC na nagtangkang pumasok noong Hulyo 16 sa parehong lugar at nagtamo ng di pa mabilang na mga patay at sugatan.

Sa araw ding iyon, tatlong sundalo ang napatay sa harassment na isinagawa ng mga Pulang mandirigma ng Front 74 laban sa pinagsanib na tropa ng 27th at 57th IB sa Datal Pitak, Colonsabak, Matanao.

Anang VPC, ang mga atake nitong nakapagdulot ng mga pinsala sa AFP, CAFGU at iba pang armadong galamay ng reaksyunaryong gubyerno ay tanda ng kahandaan ng BHB sa FSMR na biguin ang kampanyang todo-gera ng rehimeng US-Arroyo. **AB**



Panagutin ang Petron, Sunshine Maritime at gubyernong Arroyo sa Guimaras oil spill


Kailangang panagutin ang Petron Corporation, Sunshine Maritime Development Corporation (SMDC) at gubyernong Arroyo sa kriminal na responsibilidad kaugnay ng malawakang pagtagas ng langis (*oil spill*) sa Iloilo-Guimaras Strait na hindi lamang nagbunga ng malubhang pagkawasak sa karagatan, kundi nagdulot ng labis na pinsala sa kabuhayan at kalusugan ng ilampung libong mangingisda at iba pang mamamayan sa Guimaras at mga karatig na isla.

Pinsalang dulot ng *oil spill*

Tinatayang umaabot na sa mahigit 300,000 litro ng langis ang tumagas mula sa barkong MT Solar I (pag-aari ng SDMC) nang lumubog ito sa karagatan noong Agosto 11. Kinontrata ng Petron Corporation ang SDMC upang ibyahe ang 2.2 milyong litro ng langis. Ang tumagas na langis ay lumikha ng malapot na "oil sludge" (naghaling tubig at langis) na kumalat nang mahigit 150 kilometro mula sa pinaglubugan ng barko.

Umaabot sa 300 kilometro ng baybayin ng Guimaras, Iloilo at Negros ang sinalanta ng pagtagas. Winasak ng langis ang mahigit 15 kilometro kwadrado ng mga *coral reef*, 60 ektarya ng plantasyon ng *seaweed*, 1,100 ektarya ng bakawan, 1,000 ektarya ng *marine reserve* kabilang ang apat na lugar na pinepreserba para sa *eco-diversity*, anim na daungan at mga *beach resort*.

Mahigit 4,000 pamilya mula sa 20 barangay sa Guimaras at walang barangay sa Panay ang nawalan ng kabuhayan, pangunahan na dahil sa pagkawasak ng mga pangisdaan. Mahigit nang 740 katao ang dinapuan ng iba't ibang uri ng sakit mula sa impeksyon sa balat, hika, *rhinitis* (pamamaga sa loob ng ilong), *gastritis* (pamamaga ng loob ng tiyan) at *gastroentritis* (pamamaga ng tiyan at bituka) dulot ng direktang



paghawak sa langis, paglanghap ng mga kemikal nito at pagkain ng kontaminadong mga la-mang-dagat. Tinatayang aabutin nang ilang dekada ang rehabilitasyon ng karagatang apektado ng *oil spill*.

Pananagutan ng Petron at SMDC

Malinaw na kailangang panagutan ng SMDC at mga upisyal nito ang pagtagas ng langis at pinsalang idinulot nito sa kapaligiran at kabuhayan, gayundin ang mga problema sa barko at mga nilabag ng kumpanya at kapitan na mga batas at alituntunin sa paglalayag. Subalit maling sabihin, katulad ng gustong palabasin ng gubyerno, na walang kriminal na responsibilidad

ang Petron. Katunayan, ang Petron ang may pinakamalaking responsibilidad nang wala itong gawing hakbangin upang tiyakin ang kaligtasan ng transportasyon ng langis ni-to.

Sa layuning makatipid, hindi nito tiniyak na *double-hulled* o may dalawang suson ng bakal na bumabalot sa pinakakatawan ni-to ang barkong magbibayahe ng langis, tulad ng isinasaad sa mga internasyunal na pamantayang pangkaligtasan.

Noon pang 1993 pinagtibay ng Pilipinas ang internasyunal na batas pangkaragatan na nagtatakda na ang mga *oil tanker* ay dapat *double-hulled* upang kahit mabutasan ang isang suson ng pinakakatawan ni-to ay hindi pa rin basta-basta tatagas ang ibinibyahe nitong langis.

Napakalaking kriminal na pagpapabaya ang hindi pagsunod ng Petron sa gayong pamantayan laluna't tuluy-tuloy na tumatabo ito ng malaking tubo. Ang Petron ay isa sa tatlong pinakamalalaking kumpanya ng langis sa Pilipinas. Noong naka-raang taon, nagrehistro ito ng ₱6 bilyon netong kita, pinakamalaki sa nagdaang 10 taon.

Sa harap ng napakalaking pinsalang idinulot ng pagtagas ng kanilang langis, napakakupad at kulang na kulang ang naging pagkilos ng Petron. Wala itong inilaang anumang halaga para kagyat na matulungan at maiahon ang napinsalang mamamayan.

Sundan sa "Guimaras...," pahina 12

Komersyalisadong edukasyon

Bumulagta sa publiko ang laganap na korapsyon bat komersyalisasyon sa edukasyon ng narsing nang mabunyag ang naganap na dayaan sa Nursing Licensure Exams (NLE) nitong taon. Unang nabunyag na sa araw mismo ng eksam, nagpamahagi ang Gapuz Review Center sa Baguio sa mga estudyante nito ng isang papel na naglalaman ng mga tanong at sagot na eksaktong nilalaman ng NLE. Umapabot sa 2,000 estudyante ang agad na nasangkot.

Sa mga sumunod na araw, nalantad rin ang pagbibigay ng Inress Review Center ng isang "final review" (o huling pagrerepaso) sa tinipon nilang mga estudyante. Ang "final review" na ito ay naglaman ng mga tanong at sagot na lalabas sa NLE. Ang Inress ay pagmamay-ari ni George Cordero, noo'y presidente ng Philippine Nursing Association (PNA), na tumutulong sa paghanda at pangangalaga sa integridad ng naturang eksam. May-ari rin si Cordero ng pinakamalaking iskwela-

han para sa mga nars sa bansa, ang Philippine College for Health and Sciences. Si Cordero at ang bisse presidente ng PNA ay nagbitiw sa pwesto dahil sa kahiiyan.

Sa mga isinagawang imbestigasyon kapwa ng Professional Regulation Commission (PRC) at



Senado, napag-alamang bago pa man ang eksam, ang ipinuslit na mga sagot sa ikatlo't ikalimang bahagi ng pagsusulit ay umiikot na sa

mga estudyante ng dala-wang nabanggit na *review center*, at gayundin sa marami pang ibang *review center*. Sunud-sunod na nabunyag sa mga imbestigasyong ito ang pagkakasangkot ng iba pang mataas na upisyal ng narsing at mga *review center* na pawang animo'y lintang sumisipsip ng dugo ng mga estudyante at sumisira sa propesyon ng narsing.

Komersyalisadong edukasyon

Inilalantad ng dayaan sa NLE ang bulok at komersyalisadong sistema ng edukasyon ng narsing sa bansa na labis na nagpahirap sa mga estudyante

Sundan sa "Narsing...," pahina 13

"Guimaras...," mula pahina 11

Pananagutan ng rehimeng Arroyo

Sa kabilang napakalaking pinsalang idinulot ng *oil spill* at pagsigaw ng saklolo ng lokal na gubyerno at mamamayan, inabot ang rehimeng Arroyo ng halos dalawang linggo bago buuin ang "Task Force Guimaras" para mangasiwa sa paglilinis ng karagatan. Bago ito, ilang araw nang nagsisikap ang mga lokal na organisasyon mangingisda, mga grupong *environmentalist* at Philippine Coast Guard na linisin kahit papaano ang *oil spill*.

Hindi ginamit ng Malakanyang ang 40% pag-aari ng gubyerno sa Petron upang tiyakin ang paglalanan nito ng pondo para linisin ang tumagas na langis at bayaran ang napakalaking pinsala sa kapaligiran at kabuhayan ng mamamayan.

Katunayan, pinalulusot ng gubyerno sa kriminal na responsibilidad ang Petron at sinabing kung meron man, ang pananagutan lamang nito ay ang pagkontrata sa SDMC.

Ipinakikita ng *oil spill* sa Guimaras na walang ginagawang anumang paghahanda ang gubyerno sa pagharap sa katulad nitong malalaking trahedyang Una, kahit isa ito sa mga pumirma sa internasyunal na kumbensyon na nagsasaad na kailangang *double-hulled* ang mga *oil tanker*, wala pa itong naipapasang batas alinsunod rito. Samakatwid, sa bawat araw na may bumibayaheng *single-hulled* na *oil tanker* sa mga karagatan ng Pilipinas ay nagbabanta ang panibagong *oil spill*, labag sa sariling "Clean Water Act" na nagtatakda ng parusa sa "sadya at lubhang pagpapabaya" sa polusyon ng karagatan.

Hanggang ngayon, wala pang nagagawang hakbang para ahunin ang lumubog na barko o kaya'y sipsip ang mahigit 1.5 milyong litro pang nakaimbak na langis na patuloy na tumatagas at pumipinsala sa karagatan. Hindi rin tinutugunan ng gubyerno ang saligang mga pangangailangan at wala pa ring nailatag na pangmatagalang plano para matulungan ang libu-libong mamamayan ang tinamaan ng trahedyang na nagkakasakit at nagugutom. Mas interesado pa si Arroyo na pagtakpan ang laki ng trahedyang naganap sa Guimaras kaya pinagbawalan na niyang direktang makipag-usap sa midya maging ang mga upisyal ng Philippine Coast Guard na makailang beses nagpahayag ng galit sa kapabayaan ng Petron at simpatya sa nasalantang mamamayan.

AB

te. Sistema itong tumatalikod sa tuyay na diwa ng propesyon na pagkalinga sa mga maysakit at nangangailangan. Sa halip, isa itong sistemang ginagamit na palabigasan ng mga kapitalista at kanilang kasabwat sa gubyerno at mga pribadong institusyon.

Lalo pa itong pinatindi ng patakaran ng pag-eksport ng lakas paggawa na nagtutulak sa mayorya ng mga nars at iba pang propesional na Pilipino na maghanap ng trabaho sa ibang bansa. Sinasamantala ng komersyalisadong sistemang ito ang desesperasyon ng ilampung libong estudyante na makapaghanapbhay sa ibang bansa.

Ang komersyalisasyon ng edukasyong nursing ay lalo pang nagbagsak sa mababa na ngang kabilidad ng serbisyon pangkalusugan sa bansa. Nakatuon ito sa pagluluwal ng mga bagong gradweyt upang punuan ang internasyunal na *demand* para sa mga nars na kimi at payag tumanggap ng mababang sahod pangunahin sa US at iba pang mayayamang bansa. Dahil dito, biglang naglitawang parang kabute ang daan-daang eskwelahanhang pangnars na nagluluwal ng mga di kwalipikadong gradweyt kaya nangangailangan pa silang mag-enrol sa mga *review center* at naeenanganyo sa mga ibinebentang puslit na mga tanong at sagot sa NLE.

Mula 1999, lumaki mula 186 tungong 460 ang bilang ng mga eskwelahanhang pangnars sa Pilipinas. Ngunit 40% ng mga ito ay may "0% passing rate" o wala pang naipapansang estudyante sa NLE. Bukod rito, mayroon ding 24 na eskwelahanhang wala man lamang 8% ng mga ngtapos ang nakapapasa sa eksamen. Marami sa mga nagtuturo sa natu-



rang mga paaralan ay mga di kwalipikado bilang mga guro. Taun-taon, lumiliit ang bilang ng mga bagong gradweyt na pumapasa sa NLE.

Pinahihintulutan ng reaksyong gubyerno ang paglipana ng gayong mga paaralan, lalupa't ilan sa mga ito ay pag-aari ng mga pulitiko at malalapit na kaibigan ng pamilyang Arroyo. Matatandaang nagbitiw sa pwesto ang buong Technical Committee on Nursing Education ng Commission on Higher Education noong Hulyo nang tumanggi ang rehimeng Arroyo na ipasara ang maraming paaralang pangnars na natuklasan nilang wala sa pamantayan bilang mga institusyon pang-edukasyon laluna kaugnay ng pagsasanay sa nursing at paggagamot. Sa 460 paaralang pangnars sa buong bansa, 12 lamang ang itinuturing ng ChED na nasa pamantayan.

Gayundin, tumatabo ng limpakklimpak na salapi ang mga *review center* na pinatatakbo ng mga negosyante, kasabwat ng matataas na upisyal ng gubyerno. Ang simpleng rebyu para sa NLE ay umabot sa ₱12,000-16,000 kada estudyante. Ang rebyu para sa mga pagsusulit para makapangibang bansa ay umaabot ng ₱20,000-50,000 kada estudyante. Hindi pa kasali rito ang bayad para sa eksam at kung anuano pang ibang labis-labis na baryarin tulad ng ₱1,000 sinisingil ng Board of Nursing (BoN) para sa pagpapaimprenta lamang ng imbitasyon at programa sa panunumpa ng mga bagong nars.

Panakip-butas ni Arroyo

Ang lahat ng ito'y umani ng galit mula sa hanay ng mga nars at estudyante ng nursing at matitinding batikos mula sa mamamayan. Nananawagan sila, laluna yaong mga nasa sektor ng pangkalusugan, ng pagbabalik ng dignidad ng

kanilang propesyon at pagtataas ng kalidad ng edukasyon at serbisyon pangnars.

Iginigiit nila ang kagyat na paglulunsad ng independyenteng imbestigasyon upang matukoy ang mga salarin at maparusahan ang mga ito. Ipinanawagan nila ang pagtatanggal ng mga upisyal ng gubyerno na sangkot sa dayaan at pagpapabaya sa paglipana ng mga *review center* na ginagamit na palabigasan. Higit pa rito, tinutulisila nila ang komersyalisasyon ng edukasyong pangnars at ipinananawagan ang mahigpit na pagtallima sa nakatakdang mga istandard sa kanilang propesyon. Sa layuning burahin ang duda sa mga estudyanteng nasangkot sa dayaan, iginigiit nilang ipakuha muli sa kanila ang ikatlo't ikalimang bahagi ng eksamen at tustusan ang gastusin dito.

Dahil dito, napilitan ang rehimeng Arroyo na magpaketang-tao at magpatawag ng imbestigasyon. Ngunit hanggang ngayon ay wala pa itong tinutukoy man lamang na mga salarin at sinasampaahan ng angkop na kasong kriminal.

Matapos ang mahigit nang isang buwan, walang ginawang mapagpasyang hakbangin ang rehimeng upang matukoy at maparusahan ang mga upisyal na responsible sa dayaan at harapin ang pagkabulok ng sistemang edukasyong nursing. Katunayan, pinagtatakpán nito ang mga salarin. Pinagsilbing dagdag na sagabal ang EO 464 na ginagamit ng Malakanyang para bakuran at pigiling dumalo sa mga pagdinig ng Senado tungkol sa usapin ang mga upisyal ng PRC at iba pang upisyal ng gubyerno na pinatatawag ng mga senador. Pinayagan lamang ni Arroyo na dumalo si PRC Chairperson Leonor Tripon-Rosero sa pagdinig ng Senado nitong Setyembre 6 dahil nakasalang dito ang badyet ng PRC.

AB



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVII Blg. 17

Setyembre 7, 2006

www.philippinerevolution.net


Editoryal

Dahas at panlilinlang para magtagal pa sa poder

Walang humpay ang madudugo at tusong pagmamaniobra ni Gloria Arroyo, gamit ang lahat ng mahawakang instrumento ng estado at iba pang hayagan at lihim na paraan para higpitang lalo ang pagkapit niya sa poder.

Sabay-sabay ang mga iskema ng rehimen upang linlangin ang mamamayan at durugin, kundi man bilhin, ang ibang maaari pang sumagka sa walang paglubay na ambisyon ni Arroyong lumawig pa ang hawak niya sa kapangyarihan at patuloy na mamonopolisa nila at ng mga kasabwata niyang dayuhan at lokal ang lahat ng mahuhutot pang rekursong mula sa bangkarte niyang paghahari.

Pangunahin pa ring target ng pasistang kampanya ang rebolusyonaryong armadong kilusan at ang mga ligal na demokratikong pwersa na pawang nasa unahan ng pakikibaka para patalsikin si Arroyo sa poder. Walang pakundangan ang mga pang-aabusong militar sa kanayunan at maging sa maraming sentrong bayan at lunsod para maghasik ng takot laban sa



mamamayan. Patuloy ang pagpatay at pagdukot ng mga *death squad* ni Arroyo sa mga progresibo at militanteng pwersa. Ang kriminal na responsibilidad ni Arroyo at mga kasapakat na pasista ay hindi mapagtakpan kahit ng itinatag nitong Melo Commission na kungwa'y mag-iimbestiga sa pamamaslang sa mga aktibista at kritikal na mamamahayag.

Kasabay nito, patuloy na ginagamit ng rehimen ang EO 464 at karugtong nitong Memorandum Circular 108 para sagkaan ang sariling mga imbestigasyon ng Senado at maging ng Commission on Human Rights tungkol sa mga pampulitikang pamamaslang.

Nitong huli, isang panibagong imbenntong kwento tungkol sa natagpuan umanong libingan ng mga "biktima ng purgahan" sa Leyte ang itinutulak ng rehimen para ibaling ang usapin ng mga pampulitikang asasinyon tungo sa maramihang pagpatay umano ng BHB sa sariling hanay. Layunin din ng intrigang ito na

Mga tampok sa isyung ito...

Nag-uulol na AFP

PAHINA 5

43 armas nasamsam sa mga operasyong disarma
PAHINA 8

Dayaan sa eksam sa narsing
PAHINA 12

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*